## SA JUNK FOOD ORDINANCE SA QC

# 1-month moratorium, giit ni Joy B

Iginiit ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte ang isang buwang moratorium sa inaprubahang ordinansa na nagbabawal sa pagbebenta ng junk foods and sugary drinks sa pampublikong paaralan sa lungsod.

Ito ayon kay Belmonte ay upang pagbigyan ang mga school principal at city health officials na masuring muli ang listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain sa lahat ng public elementary at high schools.

"I would like to propose a moratorium for a month para we can iron out all of the cases and all of the issues that there is opposition to para po maayos natin nang mabuti, pati implementation, pati yung listahan ng mga pagkain na pinagbabawal at pinahihintulutan," pahayag ni Belmonte.

Ibinahagi ni Belmonte na nakatanggap siya ng position papers mula sa mga public school principals ng QC na nagpapahayag na "hindi sila masaya" sa paraan ng pagpapatupad ng ordinansa.

"Nakita ko naman na talagang meron pang room for improvement. Ganon din po yung listahan ng mga pagkain na pinagbabawal, may mga inconsistencies at hindi maliwanag kung how was this arrived at," paliwanag ni Belmonte.

Inaprubahan noong Hunyo 2017 ang Ordinansa na nagbabawal sa pagbebenta ng junk food, sugary drinks, at processed foods sa mga mag-aaral sa mga canteen ng mga pampubliko at pribadong elementary at high schools at mga tindahan na may distansyang 100 metro mula sa mga paaralan.

Kasama sa listahan ng mga ipinagbabawal na pagkain ay ang mga matamis na inumin, sitsirya, biskwit na may palaman, fries, hotdog at iba pang mga prinosesong karne, instant noodles, at mga kendi.

Simula nang maimplementa ang ordinansang ito, dalawang school canteen ang napatawan na ng parusa.

Nilinaw naman ni Belmonte na bagamat katanggap-tanggap ang ordinansang ito, nagkaroon ng mga reklamo sa "implementing rules and regulations". *(Angie dela Cruz)*